www.xtrapapers.com

M12/2/A2PIL/SP1/TGL/TZ0/XX

22122051

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A2 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A2 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A2 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Thursday 10 May 2012 (morning)
Jeudi 10 mai 2012 (matin)
Jueves 10 de mayo de 2012 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.
- It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.
- The maximum mark for this examination paper is *[30 marks]*.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A, soit la section B. Écrivez un commentaire comparatif.
- Vous n'êtes pas obligé(e) de répondre directement aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le souhaitez.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est *[30 points]*.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.
- No es obligatorio responder directamente a las preguntas de orientación que se incluyen, pero puede utilizarlas si lo desea.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es *[30 puntos]*.


© International Baccalaureate Organization 2012

www.xtrapapers.com



*Piliin ang alinman sa Seksyon A **o** Seksyon B.*

**SEKSYON A**

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang layon. Hindi sapilitan ang pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pero mahalagang gamitin ang mga ito bilang panimula ng pahambing na komentaryo.*

**Teksto 1**

*Introduksiyon*: Ang sumusunod ay bahagi ng repleksiyon o pagmumuni-muni ng may-akda sa kanyang mga karanasan noong siya'y napabilang sa misyon ng mga Heswita sa Hilagang Cotabato sa Mindanao, kung saan nakasalamuha niya ang tribong T'boli. Layunin ng misyon na tulungan ang mga mahihirap na minorya sa Mindanao.

**Paglupig sa Kahinaan**

Tunay na ang maglingkod sa kapwa, ang pasiyang ibigay ang sarili sa iba, ay isang napakahirap na bokasyon sa buhay.

Isang karanasan ko sa misyon noong Biyernes Santo ang lalong nagpatingkad ng katotohanang tunay na napakahirap ang magbigay ng sarili.

Noon ay may isang babaeng dinudugo na dinala sa klinika ng misyon. Nanganak siya at nailagsang[1] na ang bata pero ayaw pa ring lumabas ng inunan[2]. Marami nang dugo ang natatapon sa kanya at kinakailangan ng dugong Type A upang masalinan siya. Sinikap kong pakiusapan ang aking sarili na magpatipo ng dugo at baka sakaling makatulong ako sa babae, subalit nakakahiya mang aminin, sa kabila ng pitong taong pag-aaral ko sa mga Heswita, sa kabila ng ilang kurso ko sa teolohiya at pilosopiya, sa kabila ng ilang daang misang napuntahan ko na, namayani o nanaig pa rin sa akin ang takot. Dito, ang hinihingi sa akin ay kaunting dugo lamang na marahil ay hindi ko naman ikamamatay (at sa katunaya'y hindi pa nga ako nakatitiyak kung maaari ang dugo ko) subalit hinayaan ko ang takot at tumalikod ako sa panawagang iyon.

Sa harap ng ganitong kalagayan, nagunita ko ang mga tauhan ng misyon na ang ibinibigay ay hindi lamang ang kanilang dugo o alinmang bahagi lamang ng kanilang katawan subalit ang buo nilang sarili. Tunay na ang nabanggit na karanasan ay wari bang nakapanliit ng aking sarili.

Bukod sa panliliit na nadama ko sa ginawa kong pagtalikod sa tawag na iyon ng nangangailangan, inaamin kong ang aking kalooba'y nabagabag din nang di-gayon na lamang. Ilang araw na nakalilipas matapos ang pangyayari (at marahil ay hanggang sa kasalukuyan) ay waring sinusurot pa rin ang aking budhi. Naroon ang isang kakatwang damdamin ng pagkakasala. Mabuti na lamang at nabuhay ang babaing iyon. Kung hindi, marahil lalong magiging matagal at matindi ang magiging pagdanas ko sa damdaming iyon.

www.xtrapapers.com



Bunga ng nabanggit na damdamin ng pagkakasala na likha ng ginawa kong pagtalikod sa nangangailangang iyon, sumilid sa aking isipan na marahil nga ay likas sa tao na maramdaman at maunawaan niya na may tungkulin siya sa kanyang kapwa, na may pananagutan siya sa iba. Sa aking palagay, mawawala lamang ang ganitong damdamin kung pamuli't muling magbibingi-bingihan ang isang tao, kung pamuli't muli niyang hindi diringgin ang panawagan ng kanyang kapwang nangangailangan. Kung gayon, darating nga ang araw na sa dalas ng kanyang pagbibingi-bingihan ay magkakalyo na ang puso at mawawalan na ito ng kakayahang dumama.

Porfirio Mogar, *Likha* (1998)

---

[1] nailagsang: nailabas, nailuwal

[2] inunan: *placenta inside the birthing mother's womb*

www.xtrapapers.com



**Teksto 2**

**Ayos Lang ang Buhay sa Maynila**

Ayos lang ang buhay sa Maynila.
Wala kang paki[1] sa hindi mo pami[2],
at ika'y pababayaan
ng 'yong kapitbahay.
Singkipot ng inuupahang entresuwelo[3]
ang mundo, tamang-tama:
may banyo, may kusina.

Ma'no kung mayroon mang bendor
na nasagasaan ng dyip sa España?
Hindi mo alam (di naperyodiko kasi)
na isang buntis ang naglunod sa Pasig kahapon.
Mabalitaan mo ma'y di mo naman kilala.
Basta ligtas ang eskinitang patungo sa inyo,
malalim man ang baha sa Sta. Cruz, ay ano?

Nakatanghod ang dalawang bata
sa pagkagat mo ng siopao
o paghigop ng sabaw ng mami.
Puwedeng di mo pansinin,
para nung weyter sa sulok
na nagtitiris ng tagihawat.
Salbahe'ng mga bata 'yan —
malimit naaaksidente ka na'y
ikaw pa'ng dudukutan.

Para sa 'yo, ang pakikisama'y
para nung gripo sa banyo —
tantiyado mo kung kailan
hangin lang ang ihahagok,
at kung anong oras naman
may tutulong tubig
pag binuksan.

Tula ni Bienvenindo Lumbera, *Katha* (1994)

---

[1] paki: pakialam
[2] pami: pamilya
[3] entresuwelo: *mezzanine*

www.xtrapapers.com



– Ano ang pananaw ng dalawang teksto sa "pagtulong o pakikiramay sa iba"? Paano magkaiba ang kanilang mga punto-de-bista?

– Paghambingin ang tono at paraan ng pananalita ng tagapagsalaysay sa Teksto 1 at ng persona sa Teksto 2. Bakit gayon na lamang ang tono at paraan ng kanilang pananalita?

– Ipakita rin kung paano nakatulong ang ibang mga elementong stilistiko sa pagpapatingkad ng mensahe sa dalawang teksto.

www.xtrapapers.com



## SEKSYON B

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang layon. Hindi sapilitan ang pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pero mahalagang gamitin ang mga ita bilang panimula ng pahambing na komentaryo.*

**Teksto 3**

### Ang Papel ng Media sa Pamamahayag at Pag-unlad ng Mamamayan

Higit sa alinmang panahon, ngayon masasabing maselan at laging nakaungaong[1] sa panganib ang isang mamamahayag sa pagpapraktis ng kanyang propesyon. Bukod sa banta ng libelo, ang isang peryodista ngayon ay nakalantad sa panggigipit ng mga ahensiyang tagapagpatupad ng batas, tulad ng pulisya, at ng nakararaming balat-sibuyas[2] na opisyal ng bayan, na lagi nang umaasa ng paborableng balita o puna mula sa isang kolumnista o reporter — sa print, sa radyo at sa telebisyon.

Nariyan pa rin ang kaliitan ng suweldo (ng isang kagawad ng editorial staff) o kakapusan ng kinikita (ng isang correspondent), na sa kritikal na panahong ito ay naglalagay sa timbangan ng katatagan ng paninindigan at integridad ng isang peryodista.

Bukod sa riyan, mababanggit pa rin ang pressure sa isang reporter ng nakatataas sa pinaglilingkuran niyang pasulatan, radyo o telebisyon — tungkol sa kung alin ang dapat o hindi niya dapat sulating balita, o kolum — lalo na't may malalaking tao o negosyong masasagasaan. Sa pagsusuri ko, ito ang talagang dahilan ng paglipat-lipat ng iba-ibang peryodista ng pahayagan, radyo o telebisyong pinagsisilbihan, maliban kung may kinalaman ang suweldo o pusisyon.

Sa labas ng pinaglilingkurang diyaryo, radyo o telebisyon, ang pressure ay madalas na nagmumula sa mga opisyal na lokal, kasama ang lokal na pulisya. Ang isang reporter ay maaaring bawalang kumuha ng balita sa kinauukulang opisyal na lokal, pulisya o kahit sa korte.

Sa kabila ng mga panggigipit — mula sa iba-ibang sektor at *powers-that-be* (o malalaking tao sa gobyerno), patuloy ang matatag at matapat na pagtupad ng media sa kanyang sinumpaan at tradisyunal nang tungkulin at pananagutan: ang pagbibigay ng makatotohanang impormasyon, ang pagtatala ng mga pangyayari, maliit man o malaki, pambansa man o pandaigdig, at ang paghubog ng opinyon ng publiko tungkol sa isang mainit at napapanahong isyu.

Iya'y sa kabila ng mga pangyayaring humigit-kumulang na sa 40 *media practitioners* ang napapatay — sa loob ng may 25 taong nakaraan. Ang iba't ibang paraan ng panggigipit, kasama ang pataksil na pagpatay, sa mga miyembro ng media, sa halip na makapanghina ng loob, ay tila lalo pang naging hamon sa mga peryodista upang ipagpatuloy ang pagbubunyag sa mga kabulukan, sa loob at labas ng pamahalaan, at lalong pagbutihin ang tradisyunal niyang tungkulin bilang *watchdog* ng byurukasya at maging ng mga tiwaling gawain at pag-aabuso ng pribadong tao.

Sa pagtatampok ng katotohanan, katarungan at kalayaan, nakalaan ang taga-media na magbuwis ng buhay, itaya ang kanyang kinabukasan, at isugal ang kanyang kasalukuyang katayuan.

Isang taal[3] at tahas[4] na alagad ng Demokrasya, sumulat ng Pagpapahayag sa Kalayaan at naging ikatlong Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika, si Thomas Jefferson, ang nagpahayag: "Kung ako'y pamimiliin, mas nanaisin ko ang mga pahayagang walang gobyerno, kaysa isang gobyerno na walang mga pahayagan."

www.xtrapapers.com



Ang kapangyarihan at halaga ng papel na ginagampanan ng media sa pagsulong ng isang bansa ay kinikilala ng estado, iginagalang ng mga hukom, ipinagsasanggalang ng mga mambabatas — na para-parang[5] naniniwala na ang media ang isa sa pinakahuling moog[6] ng demokrasya, at pinakamatapang na tanod — sa pagkakaroon ng isang maayos, malinis at makatarungang pamahalaan ang isang bansa.

Halaw sa *blog entry* ni Bienvenido A. Ramos, *http://bienramos.blogspot.com* (Mayo 8, 2009)

---

1 nakaungaong: nakabuntot, nakasuksok

2 balat-sibuyas: sensitibo, marupok

3 taal: katutubo, orihinal, likas

4 tahas: tapat

5 para-parang (para-para): pare-pareho, magkakasama, magkakatulad

6 moog: tore, tanggulan

www.xtrapapers.com



**Teksto 4**

## Tungkulin ng Media

Nakikiusap si Department of Social Welfare and Development Sec. Dinky Soliman sa media na huwag gawing telenovela ang buhay ng ina at sanggol na tinapon sa basurahan ng isang eroplano. Tila nga naman sumikat na ang bata dahil sa kakaibang nangyari sa kanya. Ngayong lumantad na ang ina ng sanggol, pati siya ay laman na rin ng mga balita. Marami ang gustong malaman kung bakit niya ginawa ang pagtapon sa sariling anak, na isinilang niya sa banyo ng eroplano!

Kakaiba kasi ang kuwentong ito kaya natural na inaantabayanan ng publiko ang mga sunod na pangyayari sa mag-ina. Ngayon, gustong kunin na ng ina ang sanggol, at pinagsisisihan ang ginawang pagtatapon. Pero siyempre, kailangang siguraduhin muna kung siya nga ang tunay na ina. Halos may pila na rin ng mga gustong umampon sa bata kung walang aangkin.

Sa pakiusap ni Soliman, nagiging isyu na naman ang tungkulin ng media. Naging mainit ang diskusyon ng hangganan ng media sa pag-uulat at pagbibigay impormasyon sa publiko. Bunsod ng mga pangyayari sa hostage-taking sa Quirino Grandstand. Sa totoo nga, ngayong hawak na ni President Aquino ang opisyal na ulat ng IIRC[1], may espekulasyon na may pananagutan ang ilang miyembro ng media ukol sa mga pangyayari noong Agosto 23[2]. Lumampas daw sa tungkulin at naging sanhi pa ng masasamang pangyayari ng Lunes na iyon.

Sa kaso ng ina at sanggol na tinapon sa banyo ng eroplano, tila naging paparazzi na ang media, dahil parang mga celebrity na ang mag-ina nang hindi nila inaasahan. Gusto nang alamin ang kuwento ng buhay nung ina, kung siya'y inabuso sa ibang bansa, kung sino ang ama nung bata, lahat na. Kaya siguro ngayon pa lang ay nakikiusap na si Soliman sa media na bigyan na muna sila ng espasyo at oras para ayusin ang lahat ukol sa kanilang buhay. Pero tiyak papasok muli ang sigaw ng media na may karapatan ang publikong malaman lahat. At muling lalabas ang tanong, hanggang saan ang "lahat"?

Teksto ng *opinion column* na "K Ka Lang?" ni Korina Sanchez,
*Pilipino Star Ngayon* (Setyembre 2010)

---

[1] IIRC: JIIRC o *Joint Incident Investigation and Review Committee* (JIIRC), na pinamunuan ni Justice Secretary Leila de Lima

[2] Tumutukoy sa bus hostage crisis na naganap noong Agosto 23, 2010, kung saan napaslang ang mga turistang Tsino

– Binibigyang kahulugan ba ng Teksto 4 ang "mga karapatan at tungkulin ng media", o ito ba'y naghahain ng pananaw o opinyon tungkol sa isyu? At kumpara sa Teksto 4, paano naiiba ang Teksto 3 sa pananaw o paninindigan sa isyu?

– Paano nagkakaiba ang mga estratehiyang argumentatibo sa dalawang teksto?

– Paghambingin ang estruktura at tono ng dalawang teksto. Sa pamamagitan ng mga elementong ito, paano naipararating ang mensahe ng dalawang teksto?

---